PALATANUNGAN TUNGKOL SA PAGKAMAGULANG

DCSS 0095 (Tagalog) (04/24/2022)

Mangyaring kumpletuhin ang form na ito sa abot ng iyong makakaya. ***Kumpletuhin ang isang hiwalay na Palatanungan Tungkol sa Pagkamagulang para sa bawat bata.***	Pangalan ng Kaso:

Pangalan ng Bata	Tinatayang Petsa at Lugar na Nabuo ang Bata (Lungsod/Estado)
Petsa ng Kapanganakan ng Bata	Lugar ng Kapanganakan (Lungsod/Estado)
Nanganak na Magulang	Kabilang Magulang

Pahayag sa Pagkapribado

Ang Information Practices Act ng 1977 (Kodigo Sibil Seksyon 1798.17) at ang Federal Privacy Act ng 1974 (Pampublikong Batas 93-579) ay nag-aatas na ang abisong ito ay maibigay kapag nangongolekta ng personal na impormasyon mula sa mga indibidwal. Ang impormasyong hiniling sa form na ito, kabilang ang Social Security Number (SSN) o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN), ay ginagamit ng Department of Child Support Services (DCSS) para sa mga layunin ng pagkakakilanlan at pakikipag-ugnayan sa iyo. Ang DCSS ay kinakailangan, sa ilalim ng Seksyon 466(a)(13) ng Social Security Act, na kolektahin ang SSN ng sinumang indibidwal na napapailalim sa isang utos ng diborsiyo, utos ng suporta, o pagpapasiya o pagkilala sa pagkamagulang. Ang impormasyon sa Social Security Number ay iniuutos, ang impormasyon sa ITIN ay boluntaryo at pananatilihing nasa file sa lokal na ahensya ng suporta sa bata (LCSA) upang mahanap at matukoy ang mga indibidwal at ari-arian para sa layunin ng pagtatatag, pagbabago, at pagpapatupad ng mga obligasyon na suporta sa bata. Maaari mong mahanap ang LCSA na pinakamalapit sa iyo sa pamamagitan ng pagrerepaso sa www.childsupport.ca.gov o pagtawag sa (866) 901-3212. Maaaring may karapatan kang i-access ang mga rekord na naglalaman ng personal na impormasyon, na napapailalim sa batas ng estado at pederal na pamahalaan. Ang kabiguang magbigay ng impormasyon ng SSN/ITIN ay maaaring magresulta sa hindi pagkakaroon ng kakayahan o pagbawas ng kakayahan ng LCSA na magtatag, magpatupad o magbago ng mga obligasyon sa pagsuporta. Ang pag-enroll ng isang bata sa insurance sa kalusugan ay maaaring kailanganin ang paglalabas ng SSN/ITIN at address na pangkoreo ng bata sa employer ng kabilang magulang o ang paglalabas ng SSN/ITIN sa kabilang magulang. Ang impormasyon sa iyong kaso ay maaaring talakayin sa o ibigay sa Estado, iba pang ma pampublikong ahensya na maaaring legal na makatanggap ng naturang impormasyon, at sa kabilang magulang o sa kanyang abogado sa abot ng hinihiling ng batas.

Talasalitaan

Tinulungang Reproduksyon - Donasyon ng sperm o egg sa pagbuo ng bata.
Nanganak na magulang - Ang magulang na nagsilang ng (mga) bata.
Nabuo - Ang nanganak na magulang na nagdalang-tao sa bata.
Genetic na Magulang - Isang taong nauugnay sa bata sa pamamagitan ng genetic na materyal (sperm o egg).
Genetic Test - Isang pagsusuri sa dugo, buhok o laway ng isang tao upang matukoy kung siya ang malamang na magulang ng bata.
(Mga) Nilalayong Magulang - Isang tao na, sa pamamagitan ng kasunduan, ay ang magiging magulang ng batang nabuo sa pamamagitan ng tinulungang reproduksyon.
LCSA - Lokal na Ahensya ng Suporta sa Bata.
Kabilang Magulang - Ang natatanging kabilanag genetic na magulang (bukod sa nanganak na magulang) O ang nilalayong magulang sa ilalim ng kasunduan para sa tinulungang reproduksyon para bumuo ng (mga) bata.
Pagkamagulang - Isang legal na pagpapasya ng hukuman sa pagiging (mga) magulang ng bata.
Pagkaama - Isang legal na pagtuklas ng pagiging biyolohikal na ama ng isang bata.
(Mga) ipinapalagay na Magulang - Ipapalagay ng batas na ang isang tao ang magulang ng bata kapag natugunan ang mga partikular na kalagayan, kahit na ang taong iyon ay hindi natural/biyolohikal na magulang ng bata.
Surrogacy - Isang kasunduan sa pagdala ng bata na hindi genetic na nauugnay na tagapagdala.
Boluntaryong Pagpapahayag ng Pagkamagulang - Isang legal na dokumento, kadalasang nilagdaan sa panahon ng kapanganakan ng bata, na nagdedeklara ng mga legal na magulang ng bata. Kilala rin ito bilang Boluntaryong Pagkilala ng Pagkaama o Boluntaryong Pagpapahayag ng Pagkaama.

PALATANUNGAN TUNGKOL SA PAGKAMAGULANG

DCSS 0095 (Tagalog) (04/24/2022)

Pangalan ng Bata: Petsa ng Kapanganakan ng Bata:

Mangyaring sagutin ang lahat ng sumusunod na anim na tanong upang matukoy kung aling (mga) seksyon ng Palatanungan Tungkol sa Pagkamagulang ang kukumpletuhin. Ang mga karagdagang komento ay maaaring ibigay sa Seksyon VIII. Kapag nakumpleto mo na ang anim na tanong at anumang mga karagdagang kinakailangang seksyon, lagdaan at lagyan ng petsa ang pahina 4.

1. Mayroon bang anumang mga utos ng hukuman na nagpapangalan sa mga legal na magulang ng bata? Maaaring kabilang dito ang isang utos ng diborsiyo, kautusan sa pag-ampon, utos sa pagkamagulang o suporta.	☐ OO Kumpletuhin ang **SEKSYON I: UMIIRAL NA PAGPAPASYA NG HUKUMAN SA PAGKAMAGULANG** ☐ HINDI
2. Ang NANGANAK NA MAGULANG at/o iba pa ay lumagda at naghain ng Boluntaryong Pagpapahayag ng Pagkamagulang (VDOP) para sa bata?	☐ OO Kumpletuhin ang **SEKSYON II: VDOP** ☐ HINDI Abisuhan ang LCSA kung pumapayag ang parehong magulang na lagdaan ang VDOP upang itakda ang pagkamagulang para sa bata
3. Kasal ba ang NANGANAK NA MAGULANG noong nabuo ang **at** ipinanganak ang bata?	☐ OO Kumpletuhin ang **SEKSYON III: PAGPAPALAGAY NA PAG-AASAWA** ☐ HINDI Kumpletuhin ang **SEKSYON IV: IPINAGPAPALAGAY NA MAGULANG** at **SEKSYON V: KAUGNAYANG GENETIC**
4. Ang KABILANG MAGULANG ba ang genetic na magulang ng bata?	☐ OO Kumpletuhin ang **SEKSYON IV: IPINAGPAPALAGAY NA MAGULANG** at **SEKSYON V: KAUGNAYANG GENETIC** ☐ HINDI
5. Nabuo ba ang bata sa pamamagitan ng donasyon ng egg o sperm?	☐ OO Kumpletuhin ang **SEKSYON VI: MGA NILALAYONG MAGULANG**. Kung ang donor ay ang iyong asawa, kumpletuhin ang **SEKSYON III: PAGPAPALAGAY NA PAG-AASAWA** ☐ HINDI
6. Nabuo ba ang bata sa pamamagitan ng surrogacy?	☐ OO Kumpletuhin ang **SEKSYON VII: SURROGACY** ☐ HINDI

SEKSYON I: UMIIRAL NA PAGPAPASYA NG HUKUMAN SA PAGKAMAGULANG

Mangyaring maglakip ng kopya ng (mga) utos ng hukuman sa form na ito.

1. Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyon tungkol sa (mga) utos ng hukuman na nagpapangalan ng mga legal na magulang ng bata.

Pangalan at Lokasyon ng Hukuman na Naglabas ng Kautusan

Petsa ng Kautusan ng Hukuman	Numero ng Kaso ng Hukuman

*Kung mayroong Pagpapasya ng Hukuman, **huminto**, lagdaan at lagyan ng petsa sa pahina 4.*

SEKSYON II: BOLUNTARYONG PAGPAPAHAYAG NG PAGKAMAGULANG (VDOP)

1. Lumagda ka ba sa VDOP kasama ang KABILANG MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI Ibigay ang pangalan.
2. Ang KABILANG MAGULANG lang ba ang posibleng genetic na ama?	☐ OO ☐ HINDI Kumpletuhin ang **SEKSYON V: KAUGNAYANG GENETIC**

3. Saang estado inihain ang VDOP? Maglakip ng kopya kung hindi inihain sa California.

4. Nasa sertipiko ng kapanganakan ba ng bata ang pangalan ng KABILANG MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI Ibigay ang (mga) pangalan na nakikita sa sertipiko ng kapanganakan ng bata.

Maglakip ng kopya ng sertipiko ng kapanganakan ng bata.

PALATANUNGAN TUNGKOL SA PAGKAMAGULANG

DCSS 0095 (Tagalog) (04/24/2022)

Pangalan ng Bata: Petsa ng Kapanganakan ng Bata:

SEKSYON III: PAGPAPALAGAY NA PAG-AASAWA

1. Ang NANGANAK NA MAGULANG ba ay kasal at nakatira kasama ang kanyang asawa noong nabuo nila ang bata?	☐ OO ☐ HINDI
2. Kasal pa rin ba ang NANGANAK NA MAGULANG at nakatira kasama ang parehong asawa noong ipinanganak ang bata?	☐ OO Ano ang pangalan ng asawa? ☐ HINDI

Kung ang sagot mo ay HINDI sa Tanong 1 o 2 sa itaas, kumpletuhin ang **SEKSYON IV: IPINAGPAPALAGAY NA MAGULANG**

3. Kung lalaki ang asawa ng NANGANAK NA MAGULANG, wala ba siyang kakayahang makipagtalik o baog noong panahong nabuo ang bata sa sinapupunan ng NANGANAK NA MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI

4. Kung ang kasal ng NANGANAK NA MAGULANG, na tinukoy sa Tanong 1, ay natapos na, anong petsa ito legal na natapos?
(Petsa ng pagpapasya ng hukuman sa Pagkawala ng Bisa o petsa ng pagkamatay ng isang asawa)

SEKSYON IV: IPINAGPAPALAGAY NA MAGULANG

1. Ipinanganak ba ang bata noong panahon ng o sa loob ng 300 araw ng legal na pagtatapos ng kasal ng NANGANAK NA MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI
Kung oo, ang asawa ba ng NANGANAK NA MAGULANG ay mula sa kasal na iyon sa KABILANG MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI Ibigay ang pangalan ng asawa.
2. Nagpakasal ba ang NANGANAK NA MAGULANG pagkatapos maipanganak ang bata?	☐ OO ☐ HINDI
a. Inilagay ba ang pangalan ng bagong asawa sa sertipiko ng kapanganakan ng bata?	☐ OO ☐ HINDI
b. Inobligahan ba ng bagong asawa ng utos ng korte na suportahan ang bata?	☐ OO ☐ HINDI
c. Nangako ba ang bagong asawa sa pamamagitan ng pagsulat (mga card, liham, email o text message) na suportahan ang bata?	☐ OO ☐ HINDI
3. Ang bagong asawa ba ang KABILANG MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI Ibigay ang pangalan ng bagong asawa.
4. Ang KABILANG MAGULANG ba ay nakatira sa parehong tahanan kasama ang bata?	☐ OO ☐ HINDI
5. Nasabi na ba ng KABILANG MAGULANG sa mga tao ang bata ay sa kanya?	☐ OO ☐ HINDI
6. Nabayaran ba ng KABILANG MAGULANG ang mga gastos sa pagbubuntis?	☐ OO ☐ HINDI
7. Nabayaran ba ng KABILANG MAGULANG ang mga gastos upang suportahan ang bata simula noong ipanganak ang bata?	☐ OO ☐ HINDI
8. Kailanman ay inangkin ba ng KABILANG MAGULANG ang anak sa kanilang income tax return?	☐ OO ☐ HINDI

PALATANUNGAN TUNGKOL SA PAGKAMAGULANG

DCSS 0095 (Tagalog) (04/24/2022)

Pangalan ng Bata: Petsa ng Kapanganakan ng Bata:

SEKSYON V: KAUGNAYANG GENETIC

1. Nagawa na ba ang genetic testing sa bata at KABILANG MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI
2. Natukoy ba ng genetic test na ang KABILANG MAGULANG ay ang genetic na magulang ng bata?	☐ OO ☐ HINDI
3. Nakipagtalik ba ang NANGANAK NA MAGULANG sa KABILANG MAGULANG sa buwan, buwan bago, o buwan pagkatapos ng mabuo ang bata?	☐ OO ☐ HINDI
4. Nakipagtalik ba ang NANGANAK NA MAGULANG sa sinuman bukod sa KABILANG MAGULANG sa buwan, buwan bago, o buwan pagkatapos ng mabuo ang bata?	☐ OO Ibigay ang (mga) pangalan. ☐ HINDI

SEKSYON VI: MGA NILALAYONG MAGULANG

Mangyaring maglakip ng kopya ng kasunduan sa tinulungang reproduksyon para sa bata, kung mayroon nito.

1. Ang egg o sperm donor ba ay ang asawa ng NANGANAK NA MAGULANG?	☐ OO Kumpletuhin ang **SEKSYON III: PAGPAPALAGAY NA PAG-AASAWA at SEKSYON IV: IPINAGPAPALAGAY NA MAGULANG** ☐ HINDI
2. Sumang-ayon ba sa paraang nakasulat ang asawa ng NANGANAK NA MAGULANG na maging magulang ng bata?	☐ OO ☐ HINDI
3. Mayroon bang nakasulat na kasunduan para sa donasyon ng egg o sperm mula sa isang taong hindi asawa ng NANGANAK NA MAGULANG?	☐ OO ☐ HINDI
4. Mayroon bang nakasulat na kasunduan ang NANGANAK NA MAGULANG at ang egg or sperm donor upang maging nilalayong magulang ng bata ang donor?	☐ OO ☐ HINDI
5. Mayroon bang nakasulat na kasunduan ang NANGANAK NA MAGULANG at ang egg or sperm donor na ang donor ay HINDI MAGIGING magulang ng bata?	☐ OO ☐ HINDI

SEKSYON VII: SURROGACY

Mangyaring maglakip ng kopya ng kasunduan sa surrogacy para sa bata, kung mayroon nito.

1. Mayroon bang kasunduan sa surrogacy na pinangangalanan ang mga nilalayong magulang para sa bata?	☐ OO ☐ HINDI

Kung gayon, ibigay ang mga pangalan.

SEKSYON VIII: MGA KOMENTO *(Mangyaring sumangguni sa (mga) seksyon at (mga) numero ng tanong sa itaas kung saan ka nagbibigay ng mga komento. Maglakip ng mga karagdagang ng papel kung kinakailangan)*

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa panunumpa nang walang katotohanan sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang impormasyon sa form na ito ay totoo at tama sa abot ng aking kaalaman at paniniwala.

Lagda	Araw, Buwan, Taon na Nilagdaan